UK Health Security Agency

NHS

# Paggamit ng paracetamol upang maiwasan at gamutin ang lagnat pagkatapos ng pagbabakuna laban sa MenB

### Kakatapos lang mabakunahan ang aking sanggol laban sa MenB, ano ang dapat kong asahan ngayon?

Maaaring asahan ang lagnat pagkatapos ng anumang pagbabakuna, ngunit mas karaniwan kapag ang bakuna laban sa MenB (Bexsero) ay ibinigay kasama ng iba pang karaniwang mga bakuna sa edad na 8 at 12 linggo. Kung walang paracetamol, higit sa kalahati ng mga sanggol ay magkakaroon ng lagnat pagkatapos ng mga bakunang ito. Ang lagnat ay kadalasang tumataas nang mga 6 na oras pagkatapos ng pagbabakuna at halos palaging ganap na nawawala sa loob ng 2 araw. Ang lagnat ay nagpapakita na ang immune system ng sanggol ay tumutugon sa bakuna, bagaman ang antas ng lagnat ay depende sa bawat bata at hindi nagpapakita kung gaano kahusay magpoprotekta ang bakuna sa inyong sanggol.

### Paano ko mapapababa ang panganib ng lagnat?

Ang pagbibigay ng paracetamol kaagad pagkatapos ng pagbabakuna - at hindi na hinihintay na lagnatin pa - ay makakabawas ng panganib na lagnatin ang inyong anak. Sa tulong ng paracetamol, wala pang 1 sa 5 bata ang lalagnatin at halos lahat ng mga ito ay banayad (mas mababa sa 39°C). Ang paracetamol ay makakabawas din ng tsansang maging bugnutin o hindi maging maginhawa (tulad ng pananakit sa lugar ng iniksyon) ang inyong sanggol.

### Aling produkto ng paracetamol ang dapat kong gamitin?

Dapat kayong gumamit ng oral **infant paracetamol suspension. Ang ganitong uri ng paracetamol ay nasa likidong anyo para sa mga sanggol at maliliit na bata. Ito ay may lakas na 120mg/5ml.**

Kung wala pa kayong paracetamol suspension para sa mga sanggol sa bahay, dapat kayong bumili nito mula sa inyong lokal na parmasya o supermarket upang maibigay ninyo ang unang dosis ng paracetamol sa loob ng isang oras pagkatapos mabakunahan. Mayroong iba't ibang produktong mapagpipilian (kabilang ang mga nasa bote at sachet) ngunit ang uri na kinakailangan ay ang infant paracetamol suspension 120mg/5ml.

(Tandaan: Ang junior paracetamol (6 plus) ay mas malakas kaysa sa infant paracetamol (250mg/5ml) at hindi dapat gamitin sa mga sanggol.)

### Pagkatapos ng aling mga pagbabakuna dapat kong bigyan ang aking sanggol ng paracetamol?

Ang paracetamol ay ipinapayo para sa inyong sanggol kasunod ng mga pagbabakuna laban sa MenB. Ang bakuna laban sa MenB ay karaniwang ibinibigay sa una at pangalawang appointment ng pagbabakuna ng inyong sanggol sa edad na 8 at 12 linggo.

Ang paracetamol ay hindi karaniwang knakailangan pagkatapos ng booster na bakuna laban sa Men B na ibinibigay sa edad na ika-12 buwan. Sa edad na ito, ang panganib na lagnatin ang sanggol ay kapareho ng pagkatapos ng iba pang mga bakuna.

### Gaano karaming paracetamol ang dapat kong ibigay?

Isang kabuuang 3 dosis ng 2.5ml (60mg) ng paracetamol ang inirerekomenda pagkatapos ng pagbabakuna laban sa MenB. Dapat ninyong ibigay ang unang dosis sa oras ng pagbabakuna o sa lalong madaling panahon pagkatapos.

Dapat ninyong ibigay ang pangalawang dosis ng paracetamol pagkalipas ng 4 hanggang 6 na oras at ang pangatlong dosis 4 hanggang 6 na oras pagkatapos nito (tingnan ang talahanayan).

Dapat masukat ang 2.5ml na dosis at ibigay gamit ang isang hiringgilya o gamit ang isang 2.5ml na kutsara (ito ay karaniwang ang maliit na dulo ng kutsara na kasama sa pakete).

Para sa mga labis na premature na mga sanggol (ipinanganak bago ang 32 linggong pagbubuntis), ang paracetamol ay dapat na ireseta ng inyong doktor ayon sa bigat ng sanggol sa oras ng pagbabakuna. Dapat ninyong ikonsulta sa inyong doktor at sundin ang mga tagubilin sa reseta.

### Dosis at pagsasaoras ng pagbigay ng infant paracetamol suspension (120mg/5ml) pagkatapos ng mga pangunahing bakuna laban sa MenB (kadalasan sa edad na 8 at 12 linggo)

| Edad ng sanggol | Hanggang 6 na buwan (kadalasan sa 8 at 12 linggo) |
|---|---|
| Ika-1 dosis | Isang 2.5ml (60mg) na dosis sa lalong madaling panahon pagkatapos ng pagbabakuna |
| Ika-2 dosis | Isang 2.5ml (60mg) na dosis pagkalipas ng 4 hanggang 6 na oras mula ng unang dosis |
| Ika-3 dosis | Isang 2.5ml (60mg) na dosis pagkalipas ng 4 hanggang 6 na oras mula ng pangalawang dosis |

immunisation

Ang pinakaligtas na paraan upang maprotektahan ang kalusugan ng inyong sanggol

**Nalalapat lamang ang payo sa polyetong ito kung ang inyong sanggol ay nabakunahan na laban sa MenB. Kung ang inyong sanggol ay may lagnat sa anumang iba pang oras, dapat ninyong sundin ang mga tagubilin at payo sa dosis na nakasaad sa pakete ng produkto at polyeto ng impormasyon para sa pasyente.**

### Paano kung nilalagnat pa rin ang aking sanggol pagkatapos mabigyan na ng 3 dosis ng paracetamol?

Ang ilang sanggol ay maaari pa ring magkaroon ng lagnat pagkatapos ng pagbabakuna, kahit na nakatanggap na ng 3 dosis ng paracetamol. Kung may lagnat pa rin ang inyong sanggol sa loob ng 48 oras pagkatapos ng pagbabakuna ngunit maayos naman ang lagay, maaari ninyong ipagpatuloy ang pagbibigay ng parehong 2.5 ml na dosis (60mg) ng infant paracetamol (120mg/5ml) suspension sa inyong sanggol.

- **Dapat laging maglaan ng hindi bababa sa 4 na oras sa pagitan ng mga dosis at hindi kailanman magbigay ng higit sa 4 na dosis sa loob ng anumang 24 na oras.**

Dapat ninyo ring panatilihing malamig ang inyong sanggol sa pamamagitan ng pagtiyak na wala masyadong patong-patong na damit o kumot sa kanya, at bigyan siya ng maraming likido. Kung ang inyong sanggol ay pinapasuso, ang pinakamahusay na likido na ibibigay ay gatas ng ina.

- **Kung nag-aalala kayo tungkol sa kalusugan ng inyong sanggol anumang oras, magtiwala sa inyong instinct at makipag-usap sa inyong GP o tumawag sa NHS 111 sa England at 0845 46 47 sa Wales para sa payo.**
- **Kung ang inyong sanggol ay may lagnat pa rin nang higit sa 48 oras pagkatapos ng pagbabakuna dapat kayong makipag-usap sa inyong GP o tumawag sa NHS 111 sa England at 0845 46 47 sa Wales para sa payo.**

## Iba pang mga karaniwang tanong:

### Dapat ko bang gisingin ang aking sanggol para magbigay ng paracetamol?

Dapat subukan na maibigay ang unang dosis ng paracetamol sa lalong madaling panahon pagkatapos niyang mabakunahan laban sa MenB. Gayunpaman, kung ang inyong sanggol ay natutulog sa oras ng susunod na mga dosis, huwag na siyang gisingin. Maaari ninyo itong ibigay sa susunod na paggising ng sanggol hangga't mayroong hindi bababa sa 4 na oras sa pagitan ng bawat dosis.

### OK lang bang painumin ng paracetamol ang mga maliliit na sanggol?

Ang paracetamol ay inaprubahan para sa pamamahala ng lagnat sa mga bata mula sa edad na 2 buwan. Maaaring nakasaad sa polyeto ng impormasyon para sa pasyente na kasama ng pakete na dapat bigyan lamang ng 2 dosis ang mga batang may edad na 2 hanggang 3 buwan bago makipag-usap sa isang doktor o parmasyutiko.

Bagama't ligtas ang paracetamol sa maliliit na bata, nariyan ang payo sa pakete upang maiwasan ang pagbibigay ng mga magulang ng paracetamol sa isang batang may hindi maipaliwanag na lagnat. Ang ganitong lagnat ay maaaring isang senyales ng isang malubhang impeksiyon at ang paggamot dito nang matagal ay maaaring makapag-antala sa paghingi ng medikal na tulong ng magulang.

Dahil karaniwan ang magkalagnat pagkatapos ng pagbabakuna, gayunpaman, ipinapayo ng mga eksperto na OK lang na magbigay ng paracetamol nang hanggang 48 oras pagkatapos ng bakuna laban sa MenB nang hindi humihingi ng medikal na payo.

Ang lagnat sa ganitong panahon ay mas malamang na sanhi ng bakuna kaysa sa isang impeksiyon. Ang paracetamol ay magpapagaan din ng pakiramdam ng inyong anak, at walang panganib na sumobra ang dosis kung hindi ka hihigit sa 4 na 2.5ml na dosis sa anumang 24 na oras.

### Bakit naglalaman ng iba't ibang impormasyon ang polyeto ng impormasyon para sa mga pasyente (Patient Information Leaflet, PIL) ng tagamanupaktura?

Makakakita kayo ng patient information leaflet (PIL) sa supply ng paracetamol na binili ninyo. Ang PIL na kasama ng infant paracetamol suspension na 120mg/5ml ay maaaring nagbibigay ng ibang tagubilin sa dosis mula sa mga rekomendasyon ng mga eksperto para sa paggamit pagkatapos ng pagbabakuna laban sa MenB. Ibinibigay namin dito sa polyetong ito ang mga detalye ng mga partikular na rekomendasyon para sa paggamit ng paracetamol kasunod ng pagbabakuna laban sa MenB. Para sa buong impormasyon tungkol sa produktong paracetamol, mangyaring tingnan ang PIL ng mga tagamanupaktura.

### Kailangan ba ng aking sanggol ng paracetamol kasabay ng mga pagbabakuna ng booster sa ika-12 buwan?

Sa edad na 12 buwan, ang panganib na lagnatin ang inyong sanggol pagkatapos ng bakuna laban sa MenB ay pareho sa iba pang mga bakuna. Kaya, hindi kailangan ng inyong sanggol na uminom ng 3 dosis ng paracetamol sa karaniwang mga pagbabakuna sa kanilang ika-12 buwan. Gayunpaman, kung nilagnat ang inyong sanggol sa bahay o mukhang hindi komportable, maaari ninyong bigyan ang inyong sanggol ng paracetamol para sa sanggol gamit ang iskedyul ng dosis para sa isang bata sa ganoong edad tulad ng nakasaad sa mga tagubilin sa pakete.

**Ang payo na magbigay ng higit sa 2 dosis ng paracetamol sa mga sanggol na may edad na 2 hanggang 3 buwan ay nalalapat lamang pagkatapos mabakunahan ang sanggol laban sa MenB. Kung ang inyong sanggol ay may lagnat sa anumang iba pang panahon, dapat ninyong sundin ang mga tagubilin at payo sa dosis na nakasaad sa pakete ng produkto at polyeto ng impormasyon para sa pasyente.**

NHS

**www.nhs.uk/vaccinations**

© Crown copyright 2025. Version 4. UK Health Security gateway number: 2025-160. Product code: 3083756TA Tagalog. 50K SEP 2025 (APS)
To order more copies of this asset, please visit: **www.healthpublications.gov.uk** or call 0300 123 1002.